# Parenting Is *Heart Work*

FILIPINO

# Parenting Is Heart Work

FILIPINO

EVERY NATION
PRODUCTIONS

**Parenting Is Heart Work**

© 2023 ng Every Nation Productions

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Pastor Ernie and Michelle Aragon, Pastor Bojo and Ronna Bonifacio, Romeo Mercado, Pastor Manny Muleta, Pastor Chico and Mary Anne Peña, Pastor Larry and Yet Uy

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng EVERY NATION PRODUCTIONS

Email: productions@everynation.org.ph

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, elektroniko man o hindi, kabilang ang pagkopya gamit ang rekorder at iba pang makinarya nang walang pormal na nakasulat na pahintulot mula sa EVERY NATION PRODUCTIONS.

Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Dios® (ASND), karapatang pagmamay-ari © 2015 ng Biblica, Inc.® at ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Binuo sa Republika ng Pilipinas

# NILALAMAN


Panimula ........................................................................................ v

1. Ang Layunin ng Pagiging Isang Magulang .................................... 1
2. Ang Puso ng Pagiging Magulang .................................................. 7
3. Pagtanggap ng Biyaya sa Pagiging Magulang ............................ 13
4. Pagtuturo ng Biyaya ng Diyos sa Ating Mga Anak .................... 20
5. Mga Batayang Prinsipyo sa Pagtuturo sa Ating Mga Anak ...... 27

# PANIMULA

May mga nagsasabi na sa pagkakaroon ng anak, para mong pinapanood ang puso mo na nasa labas ng iyong katawan, at palakad-lakad sa paligid mo. Ang mga anak natin ay kumakatawan sa napakaraming mga pangarap at emosyon. Dala-dala nila ang ating mga kasiyahan at minimithi, at pati na rin ang ating mga kalungkutan at pangamba. Lahat ng mga magulang ay makapagsasabi na mahirap talaga sa lahat ng aspeto ng buhay ang pagiging isang magulang. Kailangan itong pagtrabahuhan. Inilalagay tayo nito sa lugar kung saan kailangan nating magsakripisyo. Gusto nating maging mga mapagmahal na magulang na laging isinasaalang-alang kung ano ang pinakamainam para sa ating mga anak, sa lahat ng ginagawa nating desisyon.

Kung titingnan natin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagiging magulang, mas lalalim pa ang kahulugang makikita natin. Para maintindihan natin ang lalim ng pagmamahal sa atin ng Diyos, ginamit Niya bilang pagsasalarawan ang ugnayan sa pagitan ng mga magulang at ng kanilang mga anak, Siya ang ating Ama. Bilang Kanyang mga anak, inaalagaan Niya tayo nang mabuti. Ipinakita Niya sa atin ang uri ng pagmamahal na handang magsakripisyo sa pamamagitan ng pagpapadala Niya ng kaisa-isa Niyang anak upang mamatay sa krus para sa atin. Dahil dito, ang pagiging magulang ay dinisenyo ng Diyos, at dapat na sumalamin sa Kanyang pagmamahal. Binigyan tayo ng tungkuling ipahayag ang Kanyang pagmamahal sa ating mga anak. Tinawag tayong mahalin ang ating mga anak gaya ng pagmamahal sa kanila ng Diyos. Nangangahulugan ito ng pagiging matiyaga, mabait, at mapagpatawad. Ibig sabihin din nito ay handa dapat tayong magsakripisyo para sa ating mga anak, at unahin ang pangangailangan nila kaysa sa pangangailangan natin. Hinding-hindi natin ito magagawa sa sarili nating kakayahan. Kailangan natin ang Diyos at ang gabay na ibinibigay Niya sa pamamagitan ng Kanyang salita.

*4“Makinig kayo, O mga mamamayan ng Israel: Ang PANGINOON na*
*ating Diyos ay iisang PANGINOON lang. 5Mahalin ninyo ang PANGINOON*
*na inyong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang*
*buo ninyong lakas. 6Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito*
*na ibinigay ko sa inyo ngayon. 7Ituro ninyo ito sa inyong mga anak.*
*Pag-usapan ninyo ito kapag kayo’y nasa inyong mga bahay at kapag*
*naglalakad, kapag nakahiga, at kapag babangon kayo. 8Itali ninyo*
*ito sa inyong mga braso o ilagay sa inyong mga noo bilang paalala*
*sa inyo. 9Isulat ninyo ito sa mga hamba ng inyong bahay at sa*
*bukana ng pintuan ng inyong mga lungsod.”* **DEUTERONOMIO 6:4–9**

Inutusan tayo ng Diyos na ituro sa ating mga anak ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang mga pamamaraan para makilala natin Siya at sumunod tayo sa Kanya sa lahat ng araw ng buhay natin. Ayon sa Kawikaan 22:6, *dapat nating ituro sa mga bata ang tamang pag-uugali, at hindi niya ito malilimutan hanggang sa kanyang pagtanda*. Bilang mga Kristiyano, ang pinakamahalagang tungkulin ng mga magulang ay ang tiyaking lumaki ang kanilang mga anak na nakakakilala sa Diyos at sa Kanyang pamamaraan. Kabilang dito hindi lamang ang pagtuturo sa kanila tungkol sa salita ng Diyos, kundi pati rin ang pagpapakita ng isang maka-Diyos na pamumuhay at pagtuturo sa kanila kung paano magdasal at sumamba sa Diyos.

Minsan, naiisip natin na para hasain ang ating mga anak sa pamamaraan ng Diyos, kailangan natin silang “ayusin” sa tuwing nakikita natin na may ginagawa silang hindi tama. Ibinibigay natin ang sa palagay natin ay pinakamahusay na pagdidisiplina. Ang pag-uugali ng ating mga anak ay naituturing natin na panukat ng pagiging epektibo natin bilang mga magulang. Pero ang pagiging magulang ay hindi lamang matrabaho; ito ay pagsusumikap ng ating mga puso. Bago natin tingnan ang mga ginagawa o hindi natin ginagawa bilang mga magulang, kailangan muna nating tingnan ang ating mga puso at intindihin kung bakit natin ginagawa ang mga nakasanayan nating gawin.

Kailangan nating maunawaan na bilang mga tao, tayo ay likas na makasalanan. Ang mga pamilya sa kasalukuyan ay maaaring kumplikado at malayo na sa orihinal na disenyo ng Diyos. Noong

isinuko natin ang ating buhay kay Cristo, nagsimula ang proseso ng pagbabago upang tayo ay maging katulad ni Cristo. Ang prosesong ito ay panghabambuhay. Gaano man natin kamahal ang ating mga anak, at gaano man natin kagustong sundin ang utos ng Diyos sa atin bilang mga magulang, hindi natin maaabot ang pamantayan ng Diyos. Ang magandang balita ay laging kumikilos ang Diyos upang mapagsama-sama ang mga pamilya at maibalik sila sa orihinal na disenyo at layunin ng Diyos.

Ang pagiging magulang sa ating mga anak ay isang paglalakbay na may mga magaganda at hindi magagandang panahon. Habang patuloy nating nakakasama ang ating mga anak sa paglalakbay, mas nakikita natin na tayo ay likas na makasalanan at nakikita natin ang pagpapanumbalik na ginagawa ng Diyos. Habang patuloy tayong namumuhay kapiling ang Diyos, ilalantad Niya ang mga nilalaman ng ating puso at maging ang nilalaman ng puso ng ating mga anak para baguhin tayo at gawing katulad ni Cristo. Ang babasahing ito ay nagbibigay ng mga pangkalahatang katotohanan at prinsipyo na makakatulong para malaman natin ang direksyon na gusto ng Diyos tungkol sa kung paano tayo magsisilbing mga magulang sa ating mga anak. Nawa'y mas mapatatag ng babasahing ito ang tiwala natin sa kapangyarihan at kakayahan ng Diyos na baguhin ang ating mga puso, itulad tayo kay Cristo, at bigyan tayo ng kakayahan bilang mga magulang na tuparin ang responsibilidad na ibinigay Niya sa atin—ang palakihin ang ating mga anak ayon sa Kanyang pamamaraan.

## Para sa Victory Group Leader

Para sa ilang tao sa iyong Victory group, ang pagtalakay sa mga paksa sa materyal na ito ay maaaring humantong sa mga pag-uusap maliban sa nakalaan para sa Victory group, o pagkonsulta sa isang propesyonal na *counselor* o tagapayo, o kaya ay karagdagang ministeryo o pagtulong. Narito ang ilang mga *tip*, o mga maaaring gawin:

- Humingi ng karunungan mula sa Banal na Espiritu at maingat na talakayin ang bawat paksa, nang may pagtitiwalang ipapakita sa iyo ng Diyos kung paano ka

makakapagministeryo sa mga nasa Victory group. Magplano ng maaga at maging handa kung paano man pamumunuan ng Banal na Espiritu ang inyong talakayan.

- Makinig nang walang paghuhusga o anumang pag-aakala. Huwag ipagsawalang bahala ang pagbabahagi ng tao at ang mga kwento nila sa pamamagitan ng pagsabi ng mga salitang gaya ng: kailangan mo lang manampalataya, magdasal ka lang, at mas malala pa nga 'yung nangyari sa ibang tao. Maging maingat sa mga paksang ito at alalahanin na ang iba't ibang tao ay may kani-kaniyang maling kaisipan at mga nararamdamang sakit tungkol sa mga paksang ito.

- Sabihin ang katotohanan nang may pagmamahal. Hingin sa Diyos ang pang-unawa at karunungan, nang may pagtitiwala na babaguhin Niya tayo. Tandaan ang proseso ng pagbabago: katotohanan, pagsisisi, at pananampalataya. Lahat tayo ay nasa proseso ng pagpapabanal, at ang pagkakaroon ng magandang espirituwal na kalagayan ay isang paglalakbay. Ang hinahangad natin ay patuloy na pag-unlad at hindi pagiging perpekto. Bagama't hindi natin alam ang lahat ng kasagutan, hindi natin hinahangad ang agad-agad na resulta at tayo ay dapat na sama-samang maglakbay sa pagdidisipulo.

- Humingi ng tulong mula sa ibang Victory group leader at sa mga pastor, kung kinakailangan. Igalang at pangalagaan ang pagka-pribado ng mga tao sa iyong grupo, at maging maingat sa pagbabahagi ng mga pribadong impormasyon.

Sama-sama tayong magministeryo at magbahagi ng katotohanan ng salita ng Diyos nang may pagmamahal at habag.

# 1 Ang Layunin ng Pagiging Isang Magulang

## WARM-UP

- Anu-ano ang edad ng mga anak mo? Magkwento ng nangyari kamakailan na nagpapakita ng mga katangian nila.
- Anong klase ng magulang ang gusto mong maging?
- Sino sa mga kilala mong magulang ang pinakahinahangaan mo? Magkwento ng kapansin-pansin tungkol sa kanya.

## WORD

*At kayo namang mga magulang, huwag kayong gumawa ng mga bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo. Sa halip,* ***palakihin ninyo sila nang may disiplina at turuan ng mga aral ng Panginoon****.* **MGA TAGA-EFESO 6:4**

Ang pagiging magulang ang isa sa mga pinakakapakipakinabang at pinakamahirap na karanasan. Ang pagpapasya kung paano pangangalagaan ang isang bata, lalo na't napakaraming kumakalat na mga istilo ng pagiging isang magulang. Sa kabila ng iba't ibang mga pamamaraang ito, ang Bibliya ay isang gabay na angkop sa anumang panahon. Ipinapakita nito sa atin ang mga ibinigay ng Diyos na layunin para sa pagiging isang magulang at ang mga prinsipyo kung paano natin mapapalaki ang ating mga anak. Ngayong linggo, titingnan natin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa layunin ng pagiging isang magulang. Sama-sama nating hinahangad ang paggabay ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita habang tinutupad natin ang ating tungkulin bilang mga magulang sa paraang magbibigay ng karangalan sa Diyos at ng pagpapala sa ating mga anak.

## 1 Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na mahalin, pagkatiwalaan, at sundin ang Diyos.

*At kayo namang mga magulang, huwag kayong gumawa ng mga bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo. Sa halip,* ***palakihin ninyo sila nang may disiplina at turuan ng mga aral ng Panginoon****.* **MGA TAGA-EFESO 6:4**

*[4]“Makinig kayo, O mga mamamayan ng Israel: Ang PANGINOON na ating Diyos ay iisang PANGINOON lang. [5]Mahalin ninyo ang PANGINOON na inyong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buo ninyong lakas. [6]Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon. [7]Ituro ninyo ito sa inyong mga anak . . .”* **DEUTERONOMIO 6:4–7**

*[5]Ibinigay niya ang kanyang mga kautusan sa mga mamamayan ng Israel na mula sa lahi ni Jacob. Iniutos niya sa ating mga ninuno na ituro ito sa kanilang mga anak, [6]upang malaman din ito ng mga susunod na lahi at nang ituro rin nila ito sa kanilang mga anak. [7]Sa ganitong paraan, magtitiwala sila sa Diyos at hindi nila makakalimutan ang kanyang ginawa, at susundin nila ang kanyang mga utos . . .* **SALMO 78:5–7**

Wala gaanong mga talata sa Bagong Tipan na tuwirang nagpapahayag tungkol sa pagiging isang magulang. Ngunit ang isa sa mga ito ay makikita sa Mga Taga-Efeso 6:4, kung saan ang mga magulang ay inatasang palakihin ang kanilang mga anak nang may disiplina at ituro sa kanila ang mga aral ng Panginoon. Ibig sabihin nito ay tungkulin ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa Diyos at ang Kanyang pamamaraan. Bilang mga magulang, ang pangunahing tungkulin natin ay turuan ang ating mga anak na mahalin ang Diyos at manampalataya sa Kanya. Ang layunin natin ay hindi lamang itatag ang magandang pag-uugali sa ating mga anak o kaya ay tiyaking alam nila ang mga kwentong mababasa sa Bibliya. Sa halip, gaya ng isinulat ng Salmista, nais nating magtiwala ang ating mga anak sa Diyos.

Gaano man natin hangarin na magkaroon ng pananampalataya ang ating mga anak kay Jesus, hindi natin ito maipipilit sa kanila. Isa itong desisyon na sila lamang ang makakagawa para sa kanilang mga sarili. Ngunit ang magagawa natin bilang mga magulang ay bigyan sila ng pagkakataong makilala si Jesus at matutunang manampalataya sa Kanya. Ano ang ilan sa mga maaari nating gawin para maisakatuparan ito ngayon?

## 2 Dapat tugunan ng mga magulang ang pisikal na pangangailangan ng kanilang mga anak.

*Ang sinumang hindi kumakalinga sa sariling kamag-anak, lalo na sa sariling pamilya ay tumatalikod sa pananampalataya at masahol pa sa mga hindi mananampalataya.* **1 TIMOTEO 5:8**

*Ang kayamanan ng mabuting tao ay mamanahin ng kanyang mga apo . . .* **KAWIKAAN 13:22**

Bilang karagdagan sa pagtuturo sa ating mga anak na mahalin ang Diyos at manampalataya sa Kanya, dapat nating tugunan ang kanilang pisikal at materyal na mga pangangailangan. Kabilang dito ang pagkain, masisilungan, pananamit, at iba pang bagay na kailangan nila para mabuhay at lumago. Sinabi rin sa Bibliya na dapat ding gawin ng mga magulang ang lahat ng kanilang makakaya para makapag-iwan ng mamanahin ng kanilang mga anak at maging mga apo. Magsisilbi itong pambuwelo para sa pagtupad nila ng layuning ibinigay sa kanila ng Diyos at maisulong ang Kanyang kaharian kahit pa mawala na tayong mga magulang nila sa mundo. Naniniwala ka bang ang

pamana ay pisikal at pinansyal lamang? Ano pa ang mga maaari mong ipamana sa susunod na mga henerasyon?

## 3 Dapat hasain ng mga magulang ang kanilang mga anak upang maging handa silang harapin ang buhay.

*Ituro sa bata ang tamang pag-uugali, at hindi niya ito malilimutan hanggang sa kanyang pagtanda.* **KAWIKAAN 22:6**

*Ang anak na isinilang sa panahon ng kabataan ng kanyang ama ay parang pana sa kamay ng sundalo.* **SALMO 127:4**

Bilang mga magulang hindi lamang natin dapat na ibigay ang kasalukuyang pangangailangan ng ating mga anak; dapat natin silang turuang maging handa sa mga pangangailangan nila sa hinaharap. Dapat natin silang turuan sa paraang ang matututunan nila ay dadalhin nila habambuhay. Sa Salmo 127:4, ang mga anak ay itinuring na parang mga pana. Hinuhubog at pinapanatili ng isang mandirigma ang hugis ng kanyang pana bago niya ito maingat na itututok at pakakawalan patungo sa *target* na inilaan para dito. Mahalagang ihanda ang pana dahil kapag pinakawalan na ito ay wala nang kontrol ang mandirigma dito. Tulad nito, kinikilala natin ang limitadong panahon na mayroon tayo upang tuwirang maimpluwensyahan, mahasa, at mapamunuan ang ating mga anak patungo sa tamang landas. Kabilang dito ang pagtuturo sa kanila ng mga praktikal na kasanayan at kaalaman para maging handa silang harapin ang totoong mundo, umasa sa Diyos, makinig sa Kanyang tinig, at ipamuhay ang layunin ng Diyos para sa kanilang buhay. Bagama't maraming tao ang naniniwala na ang layunin

ng mga magulang ay ang paggabay sa kanilang anak mula sa pag-asa sa iba tungo sa pagiging *independent* o pagsasarili, ang dapat na layunin ay ang paggabay sa kanila mula sa pag-asa sa kanilang mga magulang tungo sa pag-asa sa Diyos bilang kanilang Ama. Kapag ang ating mga anak ay umaasa sa Diyos, sila ay magagabayan kahit sa kanilang pagtanda. Sa palagay mo, ano ang ilang mga mahahalagang bagay kung saan dapat ihanda ang mga bata?

May dakilang layunin ang Diyos para sa kinabukasan ng ating mga anak, mas higit pa sa anumang kaya nating isipin o hangarin. Sa mga panahong nasa pangangalaga natin ang ating mga anak, dapat nating gamitin ang lahat ng pagkakataon na mailapit sila kay Jesus upang maranasan nila ang buhay na pinagpala ni Cristo, dahil tayo ay nasa Kanya, natatanggap natin ang layunin, pag-asa, at buhay.

## APPLICATION

- Paano mo tinuturuan ang mga anak mo na mahalin ang Panginoon at paano mo sila inihahanda para sa buhay?
- Sa tatlong layunin na tinalakay sa araling ito, ano sa tingin mo ang mas dapat mong tutukan sa panahong ito ng iyong buhay?
- Sa paanong paraan ka nahihirapan bilang isang magulang na sumunod sa mga layunin ng Diyos para sa pagiging isang magulang? Paano mo hihilingin sa Diyos ang Kanyang paggabay at karunungan sa bahaging ito?

## PRAYER

- Ipahayag ang pangako mo sa Diyos na matapat mong pamumunuan ang inyong mga anak tungo sa Kanya. Ipanalangin na pagkalooban ka ng biyaya at karunungan habang ginagawa mo ito.
- Ipanalangin na lumago ang mga anak mo sa pananampalataya nila kay Jesus, na lagi nila Siyang hahangarin nang buong puso, kaluluwa, isip, at lakas.
- Ipanalanging magkaroon ka ng karunungan at kapangyarihang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong mga anak at maihanda mo sila para sa buhay.

# 2 Ang Puso ng Pagiging Magulang

## WARM-UP

- Mag-isip ng isang bagay na ipinagkatiwala sa iyo. Ano ang ginawa mo para siguraduhing maalagaan ang mahalagang bagay na ito?
- Balikan ang isang pagkakataong binigyan ka ng isang gawain na sabik na sabik kang gawin. Ano ang dahilan kung bakit wala ka nang ganang gawin ito?
- Ano ang pinakamahirap na gawin sa tuwing itatama mo ang pagkakamali ng iba? Paano mo ito ginagawa?

## WORD

*1 Sa mga namumuno sa iglesya, may nais akong ipakiusap sa inyo bilang isa ring namumuno sa iglesya at nakasaksi sa mga paghihirap ni Cristo, at makakabahagi rin sa kaluwalhatian niya sa kanyang pagdating.*
*2 Alagaan ninyong mabuti ang mga mananampalatayang kasama ninyo. Katulad sila ng mga tupa at kayo ang mga* ***tagapag-alaga nila****. Dapat taos-puso ninyo silang pangalagaan,* ***dahil ito ang nais ng Diyos****. Hindi dahil sa napipilitan lang kayo, o dahil sa may hinihintay kayong kapalit, kundi dahil sa* ***nais talaga ninyong makatulong*** *sa kanila.*
*3* ***Huwag kayong maghahari-harian*** *sa mga mananampalatayang ipinagkatiwala sa inyo upang alagaan, kundi* ***maging halimbawa*** *kayo sa kanila.*
*4 At pagdating ni Cristo na siyang Pangulong Tagapag-alaga, tatanggap kayo ng gantimpalang napakaganda at hindi kukupas kailanman.* **1 PEDRO 5:1–4**

May responsibilidad ang mga magulang na pangalagaan ang espiritwal, at pisikal na kalusugan ng kanilang mga anak. Ang puso at saloobin ng isang magulang ay kasinghalaga ng layunin ng pagiging magulang at ang mga pamamaraang ginagamit natin. Hindi lamang dapat mayroong tamang layunin at gumagawa ng tama ang mga magulang—dapat mayroon din silang tamang puso.

Direktang tinutukoy ng talata sa itaas ang uri ng puso at saloobin na dapat mayroon ang mga namumuno sa iglesya sa kanilang pangunguna sa mga mamamayan ng Diyos. Ngunit, maaari rin itong tumukoy sa mga magulang, lalo na't inihambing ang iglesya sa isang pamilya (Mga Taga-Efeso 2:19). Bilang apostol, inihambing din ni Pablo ang kanyang relasyon sa iglesya (1 Corinto 4:14–15) sa isang ama sa kanyang mga anak. Bilang mga magulang, tayo ang tumatayong espiritwal na lider sa ating mga tahanan. Ang mga anak natin ay bahagi ng kawan ng tupa na ipinagkatiwala ng Diyos sa ating pangangalaga. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong saloobin ng puso na nais ng Diyos na magkaroon tayo habang pinangangalagaan natin ang ating mga anak.

## 1 Tinatawag tayo ng Diyos na magkaroon ng puso ng isang katiwala.

*Alagaan ninyong mabuti ang mga mananampalatayang kasama ninyo. Katulad sila ng* ***mga tupa*** *at kayo ang mga* ***tagapag-alaga*** *nila . . .* **1 PEDRO 5:2**

Dinadala man ng mga anak natin ang ating apelyido, sila ay nabibilang sa Diyos. Tayo ang mga katiwalang *mag-aalaga* sa kanila. Kapag tinanggap natin ang katotohanang ito sa puso natin, magbabago ang pagtingin at pagtrato natin sa ating mga anak. Hindi lamang ang gusto natin ang dapat nating gawin dahil sa huli, sila ay pag-aari ng Diyos. Kailangang mapalaki natin sila ayon sa salita ng Diyos at sila ay mapalakas Niya. Kung mayroon tayong pananaw na pag-aari ng Diyos ang ating mga anak, hindi natin ipagsasawalang bahala ang responsibilidad na ito. Kailangang sadya nating bigyan ng alaga at atensyon ang ating mga anak. Gaya ng mga katiwalang pinaghabilinan ng kanilang mga amo, tayo rin, bilang mga magulang, ay may pananagutan sa Diyos sa ating pangangalaga ng mga anak na pinagkatiwala sa atin. Sa

tingin mo, ano ang mangyayari kung ilalantad natin ang ating mga anak sa mundo nang walang tamang gabay?

## 2 Tinatawag tayo ng Diyos na magkaroon ng pusong malugod at masigasig.

*. . . Dapat taos-puso ninyo silang pangalagaan, **dahil ito ang nais ng Diyos**. Hindi dahil sa napipilitan lang kayo, o dahil sa may hinihintay kayong kapalit, kundi dahil sa **nais talaga ninyong makatulong** . . .* **1 PEDRO 5:2**

Ang pagiging magulang ay isang mahirap na responsibilidad na nangangailangan ng maraming panahon, pagsisikap, pagkukunang-yaman, at personal na sakripisyo. Totoo ang mga hamon sa pagiging magulang, lalo na sa moderno at makabagong mundo kung saan maraming bagay na ang *digital*. Nakakakita tayo ng dumaraming mag-asawa na pinipiling patagalin o kaya'y iwasan ang pagiging magulang dahil nakikita nila itong hadlang sa kanilang personal at propesyonal na paglago. Sa kabilang banda, mayroon ding iba na nakikita ang kanilang mga anak bilang daan para masagot ang kanilang personal na pangangailangan at layunin. Ngunit, bilang mga espiritwal na lider ng kawan ng Diyos sa ating mga tahanan, kailangang magkaroon tayo ng pusong malugod at masigasig sa dakilang responsibilidad na ito. Dahil ito ang layunin ng Diyos para sa atin, maaari tayong magtiwala na patuloy Siyang kikilos sa atin at bibigyan tayo ng kakayahang magkaroon ng pusong gaya nito. Ano ang pinakanagbibigay sa iyo ng kaligayahan sa pagpapalaki ng

iyong mga anak? Paano mo madadala ang ganitong ligaya sa bawat aspeto ng pagiging magulang mo?

## 3 Tinatawag tayo ng Diyos na magkaroon ng pusong mahinahon at dalisay.

***Huwag kayong maghahari-harian*** *sa mga mananampalatayang ipinagkatiwala sa inyo upang alagaan, kundi* ***maging halimbawa*** *kayo sa kanila.* **1 PEDRO 5:3**

Bilang mga pastol ng Diyos sa ating mga anak, dapat hindi tayo maghari-harian sa ating pakikitungo sa ating mga anak. Dapat hindi natin sila pagmalupitan. Hindi ibig sabihin nito na hindi natin sila dapat disiplinahin. Ngunit, tuwing gagawin natin ito, hindi dapat natin gamitin nang labis ang ating awtoridad upang pasunurin sila. Sa halip, kailangan nating ipakita at gabayan ang ating mga anak sa katotohanan. Kailangan tayong maging dalisay na ehemplo ng itinuturo natin sa kanila. Bilang mga magulang, kailangang tayo ang mauna na taos-pusong ipinamumuhay ang gusto nating ituro sa ating mga anak upang makita nila ang buhay natin at sumunod sa ating halimbawa. Hindi ibig sabihin nito na kailangan muna nating maging perpekto. Ngunit kailangang makita sa ating buhay ang pag-ibig ng Diyos at ang pusong tunay na sumusunod sa Kanya. Naaayon ba ang iyong mga salita at kilos sa halimbawang gusto mong makita ng iyong mga anak?

*At pagdating ni Cristo na siyang Pangulong Tagapag-alaga, tatanggap kayo ng gantimpalang napakaganda at hindi kukupas kailanman.* **1 PEDRO 5:4**

Maliban sa pag-ibig sa atin ng Diyos at ang ating mga anak bilang motibasyon, pinapakita rin ni Pedro ang isa pang katotohanan. Kapag pinangangalagaan natin ang mga tupang pinagkatiwala sa atin ng Diyos (ang ating mga anak) nang may tamang saloobin at puso, pagdating ng Pangulong Tagapag-alaga na si Cristo, makakatanggap tayo ng gantimpalang hindi kumukupas mula sa Kanya.

## APPLICATION

- Sa inyong tahanan, paano naisasalarawan ang pangangalaga sa mga anak? Ano ang mga paraan na maaari mo silang tulungang mahalin ang Diyos at paraan kung paano ka mas makapagdadala ng pagbabago sa buhay nila?
- Maglaan ng panahon ngayong linggo na pagnilayan ang mga salitang nabanggit mo at mga kilos na nagawa mo sa iyong mga anak. Hilingin sa Diyos na tulungan kang maunawaan kung paano mo mas mapapabuti ito.
- Nagkakaroon ng iba't ibang pangangailangan ang ating mga anak habang sila'y lumalaki. Sa tingin mo, ano ang mga bahagi ng buhay ng mga anak mo ang kailangan ng gabay mula sa'yo? Mag-isip ng mga praktikal na pamamaraan upang masagot ang mga pangangailangang ito habang inaalagaan at pinapalaki ang iyong mga anak.

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa biyayang patuloy Niyang ibinibigay habang pinapalaki natin ang ating mga anak. Magpasalamat sa pribilehiyong gabayan ang mga anak Niya, gaya ng pagiging pastol Niya sa Kanyang mga tupa.
- Humingi ng kapatawaran sa Diyos sa mga panahong sadya o hindi mo sinadyang mapabayaan ang mga anak mo. Manalangin na ipaalala sa iyo ng Diyos araw-araw na maging mabuting katiwala at magulang sa kanila.
- Ipanalangin na ang bawat salita o kilos na manggagaling sa iyo ay magpapakita ng pagmamahal ni Cristo sa iyong mga anak. Manalangin sa Diyos na ipakita Niya sa iyo kung paano sumunod sa Kanyang daan at hindi umasa sa sarili mong kakayahan, lalo na sa pagiging magulang.

# 3 Pagtanggap ng Biyaya sa Pagiging Magulang

## WARM-UP

- Paano nagbago ang mga gawain mo at iskedyul mula sa pagiging *single* hanggang sa pagiging magulang? Ano ang mga nagbago nito?
- Ano ang hindi mo malilimutang tanong mula sa iyong anak? Paano mo sinagot ito?
- Ano ang ilang katangian o ugali na nakuha ng iyong anak mula sa'yo? Mag-isip ng pagkakataong magpapaliwanag nito.

## WORD

*11 Sapagkat* ***ang biyaya ng Diyos*** *na nagbibigay ng*
*kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. 12 Ito ang*
***nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at***
***makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa***
***mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos***
*13 habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa,*
*na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik*
*ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-*
*Cristo. 14 Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin*
*upang tubusin tayo sa lahat ng kasamaan, at upang*
*tayo'y maging mamamayan niya na malinis at* ***handang***
***gumawa ng mabuti****.* **TITO 2:11–14**

Katanggap-tanggap sabihin na pakiramdam ng maraming magulang na hindi sila sapat sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Mahirap na trabaho ang pagiging magulang—ang pagpapalaki ng anak, lalo na sa pamamaraan ng Diyos, ay isang malaking responsibilidad. Mahalagang maunawaan na ang responsibilidad na ito ay mas malaki at higit sa atin. Kung kaya, kailangan nating tumingin sa Diyos—Siyang nagkaloob ng ating mga anak sa atin at ang nagbigay sa atin ng espiritwal na awtoridad sa ating mga anak.

Sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, tayo ang tatanggap at magmamana ng Kanyang walang hanggang grasya bago pa man tayo tawaging ama o ina ng ating mga anak. Ang biyaya ng Diyos ay ang hindi nararapat at walang kondisyong kabutihan at pag-ibig Niya para sa tatanggap ng Kanyang biyaya. Marami itong anggulo at maraming paraan ito upang ipahiwatig sa buhay ng mga tao. Ngayon, titingnan natin ang ilang mahalagang paraan na binibigyan tayo ng Diyos ng biyaya habang pinapalaki natin ang ating mga anak.

## 1 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay ng kakayahang maging mga magulang na tinawag Niya.

*[11]Sapagkat **ang biyaya ng Diyos** na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang **nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos** [13]habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. [14]Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat ng kasamaan, at upang tayo'y maging mamamayan niya na malinis at **handang gumawa ng mabuti**.* **TITO 2:11–14**

*[12]Mga minamahal, kung paanong lagi ninyo akong sinusunod noong magkakasama pa tayo, lalo sana kayong maging masunurin kahit ngayong malayo na ako sa inyo. Sikapin ninyong ipamuhay ang kaligtasang tinanggap n'yo, at gawin n'yo ito nang may takot at paggalang sa Diyos. [13]**Sapagkat ang Diyos ang siyang nagbibigay sa inyo ng pagnanais at kakayahang masunod n'yo ang kalooban niya**.* **MGA TAGA-FILIPOS 2:12–13**

***Ang kapangyarihan ng Diyos ang nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan**. Ito'y sa pamamagitan ng pagkakakilala natin sa kanya na tumawag sa atin. Tinawag niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan niya at kabutihan.* **2 PEDRO 1:3**

Kailangan ng mga magulang ang biyaya galing sa Diyos dahil ang pagiging magulang ang isa sa pinakamahirap at pinakanakalulugod na tungkulin sa buhay. Ang responsibilidad ng pagpapalaki ng anak ay nakakapagod at maraming hinihingi, kailangan ng pasensya, pag-ibig, at disiplina.

Kailangan nating malaman kung ano ang tamang bagay na gawin, paano gawin ito, magkaroon ng lakas para gawin ito, at gawin ito nang may tamang puso at saloobin. May mga pagkakataong kailangan nating tulungan ang mga anak natin tuwing mahirap silang intindihin. Maaari ring nahihirapan tayong pagsabayin ang mga responsibilidad natin sa trabaho at sa pamilya natin. Kailangan nating magpasya sa mahihirap na bagay, tulad ng disiplina, edukasyon, at salapi. Maaaring mahirap ito sa atin dahil mabigat ang mga desisyong ito. Kailangan nating ayusin ang ating emosyon at maging mahinahon at matiyaga sa harap ng mga kabiguan at hirap. Bilang magulang, kailangan nating harapin ang kabiguan tuwing hindi nagagawa ng mga anak natin ang inaasahan natin sa kanila o tuwing humaharap sila sa mga pagsubok.

Ang mabuting balita ay ang Diyos ang nagkaloob ng biyaya sa atin para maging magulang na gusto Niya tayong maging. Gumagalaw ang Diyos sa atin para magkaroon tayo ng tamang pananaw, kagustuhan, at saloobin para gawin ang nakalulugod sa Kanya, kahit tungkol sa pagpapalaki ng anak. Tinuturuan at ginagabayan tayo ng Kanyang biyaya na kilalanin ang tama at mali. Binibigyan tayo ng kapangyarihan ng Kanyang biyaya na gawin ang tama at tumalikod sa anumang masama. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, pinagkalooban tayo ng kapangyarihang gawin ang lahat ng may kaugnayan sa pag-ibig at kabanalan. At lalo nating mararanasan ito sa pamamagitan ng kaalaman natin tungkol sa Kanya. Sa lalo nating pagkilala sa Diyos at pagdanas ng Kanyang biyaya, lalo tayong nagbabago at nabibigyan ng kakayahang maging tinawag Niya at gawin ang mga pinapagawa Niya sa atin.

Paano ka tinulungan ng biyaya ng Diyos na umayon sa Kanyang pamamaraan kahit sa pagpapalaki ng iyong mga anak?

## 2 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay ng kaginhawahan at ibinabalik tayo tuwing tayo ay mabibigo.

*Kaya ngayon, hindi na hahatulan ng kaparusahan ang mga nakay Cristo Jesus.* **MGA TAGA-ROMA 8:1**

*Ngunit kung ipinagtatapat natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin niya ang ating mga kasalanan at lilinisin tayo sa lahat ng uri ng kasamaan dahil matuwid siya.* **1 JUAN 1:9**

Tunay na binibigyan tayo ng kakayahan ng biyaya ng Diyos upang magpasya at kumilos bilang mga magulang ayon sa anumang nakalulugod sa Kanya. Ngunit, kahit sa pinakamahusay nating intensyon at gawa, tao pa rin tayo at nagkakamali. Sa mga pagkakataong ito, kailangan natin ang biyaya ng Diyos upang maranasan natin ang kapatawaran, kaginhawahan, at panunumbalik na galing sa Diyos. Tuwing mabibigo tayo, magkakamali, at magkakasala, mararanasan natin ang Kanyang pagpapatawad at mawawala na sa atin ang pakiramdam ng paghatol dahil sa pagtatapat natin sa Kanya ng ating mga kasalanan at pagtanggap natin ng Kanyang pagpapatawad. Binibigyan tayo ng kaginhawahan ng Kanyang biyaya kapag alam natin na hindi tinatakda ng ating mga pagkabigo at pagkukulang kung sino tayo. Hindi ito ang wakas kundi isang oportunidad para mapalago tayo ng Diyos. Dahil dito, tayo ay nagiging magulang na may binagong

pananaw sa layunin at ligaya, sa kabila ng mga hamon at kabiguang maaari nating harapin. Paano ka binigyan ng Diyos ng katiyakan sa kabila ng pagkukulang mo bilang magulang?

## 3 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahang mag-abot ng biyaya sa ating mga anak.

*[12]Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis. [13]Magpasensiyahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman,* ***dahil pinatawad din kayo ng Panginoon****.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:12–13**

*[10]Ito ang tunay na pag-ibig: hindi tayo ang umibig sa Diyos kundi siya ang umibig sa atin; at isinugo niya ang kanyang anak upang akuin ang ating mga kasalanan para sa kapatawaran natin. [11]Mga minamahal, kung ganoon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa atin, nararapat lamang na mag-ibigan tayo. . . . [16]Kaya nakilala na natin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. At ang nabubuhay nang may pag-ibig ay nananatili sa Diyos at nananatili rin sa kanya ang Diyos. . . . [19]****Umiibig tayo sa Diyos dahil siya ang unang umibig sa atin****.* **1 JUAN 4:10–11, 16, 19**

Isang likas na parte ng paglaki ng mga bata ay ang pagkakamali. Maraming limitasyon at kahinaan ang ating mga anak. Nasa proseso rin sila ng pagkilala kung ano ang tama at mali. Nasa proseso pa sila ng pagtuklas ng mga bagay at pag-alam kung paano ang tamang pakikitungo sa ibang tao at, higit sa lahat, sa Diyos. Kung kaya, mahalaga na palakihin natin sila sa isang kapaligiran kung saan naiaabot sa kanila

ang biyaya. Ang mabuting balita ay nakakatulong sa atin ang pagdanas ng biyaya at pag-ibig ng Diyos upang maipaabot din ito sa iba. Sa ating pagninilay, pasalamatan natin, at sandalan natin ang pag-ibig at biyaya ng Diyos sa atin. Patuloy Siyang gumagalaw sa atin upang tayo mismo ang magpaabot ng biyaya sa iba, kasama ang ating mga anak. Sa anong mga paraan nabago ng natanggap mong biyaya, pag-ibig, at kapatawaran ang pagtrato mo sa iyong mga anak?

## APPLICATION

- Sa anong mga bahagi ng buhay mo bilang magulang kailangan ang biyaya ng Diyos? Manalangin na tulungan ka ng Diyos na magtiwala sa Kanyang biyaya sa halip na sa sarili mong pag-unawa at kakayahan.
- Alalahanin ang isang pagkukulang na hinarap mo sa pagpapalaki mo sa iyong mga anak. Pagkatapos ng narinig mo sa araw na ito, ano ang mga praktikal na bagay na maaari mong gawin sa hinaharap?
- Ano ang mga bagay na maaari mong gawin upang tulungan ang mga anak mong maunawaan ang kanilang mga pagkakamali? Paano mo ito gagawin nang may pag-ibig at sa parehong biyayang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa masaganang biyaya sa pagpapalaki mo ng iyong mga anak. Magpasalamat sa Diyos na sa kabila ng maraming hamong kinakaharap mo bilang magulang, pinagkakalooban ka Niya ng kalakasan at karunungan.
- Humingi ng kapatawaran sa mga panahong pinalaki mo ang pagkukulang mo bilang magulang sa halip na tumuon lamang sa biyaya Niya na nagbibigay ng ginhawa, nagpapatawad, at nagpapanumbalik.
- Manalangin na habang tinatanggap mo ang biyaya mula sa Diyos, patuloy ka Niyang gawing daluyan ng Kanyang biyaya sa iyong mga anak. Manalangin na gawing patotoo ng biyaya ng Diyos ang iyong buhay upang makapag-abot din ng biyaya ang iyong mga anak sa iba.

# 4 Pagtuturo ng Biyaya ng Diyos sa Ating Mga Anak

## WARM-UP

- Saan kayo madalas namamasyal ng mga anak mo? Bakit espesyal ang lugar na ito sa inyo?
- Noong bata ka, ano ang pangarap mong maging kapag lumaki ka na? Ano ang pangarap ng mga anak mo kapag lumaki na sila?
- Ano ang isang aral o *life skill* na natutunan mo sa mahirap na paraan? Bakit naging mahirap ito at paano ka tumugon dito?

## WORD

*At kayo namang mga magulang, huwag kayong gumawa ng mga bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo. Sa halip,* ***palakihin ninyo sila nang may disiplina at turuan ng mga aral ng Panginoon****.* **MGA TAGA-EFESO 6:4**

*Mga magulang, huwag kayong gumawa ng anumang bagay na ikasasama ng loob ng mga anak n'yo para hindi sila panghinaan ng loob.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:21**

Maraming bagay ang maaaring ikasama ng loob ng mga anak sa kanilang mga magulang. Kasama rito ang kakulangan ng atensyon o pagkalinga, hindi maayos na pagtrato, hindi makatwirang obligasyon, malupit na pagdisiplina, napakong pangako, at marami pang iba. Bilang mga magulang, dapat hindi natin gamitin ang awtoridad natin para magalit at sumama ang loob ng mga anak natin. Sa halip, tayo ay inaatasang palakihin ang mga anak natin sa disiplina at turo ng Panginoon. Sa madaling salita, dapat nating gawing disipulo ni Jesus ang mga anak natin. Ang ibig sabihin nito ay mayroon tayong responsibilidad na turuan ang mga anak natin tungkol sa Diyos at sa ebanghelyo ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-Cristo. Hindi lang ang laman ng pangaral ang mahalaga, gayundin ang paraan ng pagtuturo, pagdidisiplina, at pagpapalaki sa ating mga anak.

Ang mga sumusunod ay ang ilang aspeto ng biyaya ng Diyos na maituturo at maipapakita natin sa ating mga anak:

## 1 Dapat nating ituro at ipakita sa ating mga anak ang nagliligtas na biyaya ng Diyos.

*[8]Dahil* ***sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo****. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo. [9]Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman.* **MGA TAGA-EFESO 2:8–9**

*Kaya ngayon, hindi na hahatulan ng kaparusahan ang mga nakay Cristo Jesus.* **MGA TAGA-ROMA 8:1**

Sinasabing ang pinakamahalagang aral tungkol sa Diyos na maituturo natin sa ating mga anak ay ang tungkol sa Kanyang biyaya na nagliligtas sa atin mula sa ating mga kasalanan at nagbibigay sa atin ng kaloob na buhay na walang hanggan. Hindi na hahatulan ng Diyos ang mga makasalanan na nagtiwala sa nagliligtas na gawain ni Jesu-Cristo. Ang katotohanang ito ang pundasyon ng iba pang aspeto ng biyaya ng Diyos na dapat nating ituro sa ating mga anak upang mamuhay sila ayon sa kagustuhan ng Diyos.

Bilang mga magulang, kailangan nating isalamin ang katotohanang ito sa paraan ng pagtrato natin sa ating mga anak. Kailangan nilang makita ang ating pag-ibig at pagtanggap sa kanila na hindi base sa mga ginagawa nila. Ang mga bata ay likas na nagkakamali dahil sila ay natututo pa lamang. Kapag nararamdaman nila na ang paligid nila ay mapagpatawad at hindi nanghahatol, mas lumalakas ang loob nilang matuto at lumago. Ano pa ang benepisyo ng paglaki sa paligid na puno ng biyaya at walang paghahatol?

## 2 Dapat nating ituro at ipakita sa ating mga anak ang nagpapabanal na biyaya ng Diyos.

*[11]Sapagkat **ang biyaya ng Diyos** na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang **nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos** [13]habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. [14]Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat ng kasamaan, at upang tayo'y maging mamamayan niya na malinis at **handang gumawa ng mabuti**.* **TITO 2:11–14**

Habang pinapanatili natin ang isang paligid na puno ng biyaya at walang paghahatol, kailangan ding ituro ng mga magulang sa mga anak nila ang tama at mali. Kahit sa mga nagawang pagkakamali, kailangang maintindihan ng mga anak natin na mayroong kasalanan na nakakasakit sa puso ng Diyos at nagpapagalit sa Kanya. Ang kasalanan ay nakakasakit din ng ibang tao at ng taong nagkasala. Ang mabuting balita ay, bilang mga magulang, maituturo natin sa ating mga anak na ang biyaya ng Diyos ay hindi lamang nagpapatawad ng ating mga kasalanan, nagbibigay rin ito ng kapangyarihang mapagtagumpayan ang kasalanan at gawin ang tama.

Bilang mga magulang, kailangang isalamin ng buhay natin ang biyaya ng Diyos sa ating mga anak. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanila—habang tumitingin sa Diyos at sa biyaya Niyang nagliligtas, gagalaw Siya sa kanilang puso upang magkaroon sila ng mga banal na hangarin at abilidad na mamuhay ayon sa Kanyang pamamaraan. Dapat din nating iwasang magbigay ng negatibong marka sa ating mga anak. Sa halip, ipaalala natin sa kanila kung sino sila kay Cristo at hikayatin natin sila na mayroong pag-asang lumago sa Kanya at lalong maging tulad ni Cristo. Ano ang ilang halimbawa ng negatibo at positibong

markang inilalagay ng mga magulang sa kanilang mga anak? Sa tingin mo, ano ang mga epekto nito sa kanila?

## 3 Dapat nating ituro at ipakita sa ating mga anak ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kapangyarihan.

***Nilikha tayo ng Diyos**; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, **para gumawa tayo ng kabutihan** na noon pa'y itinalaga na ng Diyos na **gawin natin**.*
**MGA TAGA-EFESO 2:10**

***Ang kapangyarihan ng Diyos ang nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan**. Ito'y sa pamamagitan ng pagkakakilala natin sa kanya na tumawag sa atin. Tinawag niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan niya at kabutihan.* **2 PEDRO 1:3**

Kailangang maturuan ang ating mga anak na hindi lamang nagbibigay ng kakayahan ang Diyos para mamuhay nang matagumpay sa kasalanan, isang buhay na banal at nakalulugod sa Kanya, mayroon din Siyang mabuting layunin para sa mga buhay natin at pinagkakalooban Niya tayo ng biyayang nagbibigay ng kapangyarihan upang magawa ang layuning ito.

Bilang mga magulang, kailangan nating maging di-nagbabagong pagkukunan ng kalakasan ng ating mga anak sa kanilang pagtuklas ng layunin ng Diyos sa buhay nila at hikayatin silang magtiwala sa Diyos sa kabila ng hirap, hadlang, o pagkabigo. Kailangan nating ipaalala sa kanila na bibigyan sila ng Diyos ng kakayahang mapagtagumpayan ang mga limitasyon nila dahil Siya ang Diyos na makapangyarihan sa lahat. Gumagawa Siya para sa ikabubuti ng mga umiibig

sa Kanya at sa Kanyang tinawag ayon sa Kanyang layunin. Bibigyan Niya sila ng kapangyarihang bumangong muli kahit sila'y mabigo at magpatuloy sa tawag Niya para sa mga buhay nila. Ano ang mga paraan para mapalakas mo ang loob ng iyong mga anak at matulungan silang tuparin ang mga hangarin nila?

## 4 Dapat nating ituro at ipakita sa ating mga anak ang biyaya ng Diyos na tumatanggap sa kanila.

*[5]Baka nakalimutan n'yo na ang pangaral ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya: "Anak, huwag mong balewalain ang pagdidisiplina ng Panginoon, at huwag kang panghinaan ng loob kung sinasaway ka niya. [6]**Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya, at pinapalo niya ang itinuturing niyang mga anak**." [7]Tiisin n'yo ang lahat ng paghihirap bilang pagdidisiplina ng Diyos sa inyo dahil itinuturing niya kayong mga anak. Sino bang anak ang hindi dinidisiplina ng ama? [8]Kung hindi kayo dinidisiplina ng Diyos gaya ng pagdidisiplina niya sa lahat ng anak niya, hindi kayo mga tunay na anak kundi mga anak sa labas. . . . [10]Sa maikling panahon, dinidisiplina tayo ng mga ama natin dito sa lupa ayon sa inaakala nilang mabuti. Ngunit **ang pagdidisiplina ng Diyos ay laging para sa ikabubuti natin upang maging banal tayong gaya niya**. [11]Habang dinidisiplina tayo, hindi tayo natutuwa kundi nasasaktan. Ngunit ang ibubunga naman nito sa bandang huli ay ang mapayapa at matuwid na pamumuhay.*

**MGA HEBREO 12:5–8, 10–11**

Maraming beses na nakakatanggap ng pagtutuwid ang ating mga anak mula sa atin. Sa mga pagkakataong ito, maaaring isipin ng ating mga anak na ang pagtutol natin sa mga kilos

nila at ang pagtutuwid natin ay mga tanda ng pagtakwil natin sa kanila. Maaaring maparamdam nito sa kanila na sila ay pinalayo, sinaktan, at binigo. Ngunit, kailangan nating ipaalala sa kanila na ang pagdidisiplina natin ay hindi tanda ng pagtakwil. Tanda ito na sila ay tanggap at nabibilang sa atin. Higit sa lahat, hindi natin dinidisiplina ang anak ng ibang tao dahil hindi sila atin. Dahil nabibilang ang ating mga anak sa atin at nag-aalala tayo sa kanila, dinidisiplina natin ang atin. Hindi man natin tinatanggap o sinasang-ayunan ang mga kilos nila, sila ay tanggap bilang mga minamahal na anak sa ating pamilya.

Kailangan natin itong ituro sa kanila dahil sumasalamin ito sa biyaya ng Diyos na tumatanggap sa Kanyang mga anak. Patunay ito na tayo ay mga lehitimong anak Niya. Hinahayaan tayo ng Diyos na dumaan sa mga pagsubok sa buhay at tingnan natin ang mga ito bilang paraan Niya ng pagdidisiplina sa atin. Ang pagdidisiplina ay tanda ng pagtanggap Niya sa atin, hindi ang pagtakwil Niya. Hindi tayo dinidisiplina ng Diyos bilang mga anak Niya upang balikan tayo o parusahan tayo. Dahil minamahal at tinatanggap Niya tayo, dinidisiplina tayo ng Diyos para sa ikabubuti natin upang lalo tayong maging tulad ni Cristo. Magbahagi ng pagkakataong dinisiplina ka ng mga magulang mo na masakit noon pero, ngayon kapag binabalikan mo ito, talagang nagpapasalamat ka na ginawa nila ito.

## APPLICATION

- Paano tumugon ang mga anak mo nang marinig nila ang ebanghelyo at makita nilang ipinamumuhay mo ito? Ano ang maaari ninyong gawin bilang pamilya para magkaroon ng maka-Diyos na kapaligiran sa inyong tahanan?
- Mayroon bang mga pagsubok na nagpapahirap sa inyong mga anak sa pagsunod nila sa layunin ng Diyos para sa kanila? Palakasin mo ang loob nila at bigyan sila ng katiyakan ngayong linggo.
- Pagkatapos pakinggan ang aralin ngayon, ano ang ilang mga paraan upang madisiplina mo ang inyong mga anak nang hindi nagiging pabaya o dominante?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa nagliligtas at nagpapabanal Niyang biyaya, na nagbabalik at nagbabago sa atin sa kabila ng ating mga pagkukulang. Magpasalamat na maaari nating iabot ang parehong biyaya sa ating mga anak.
- Humingi ng tulong sa Diyos para patuloy ka Niyang bigyan ng kapangyarihan at ang iyong mga anak para ipamuhay ang mga layunin Niya ayon sa Kanyang biyaya. Ipanalangin na ang salita ng Diyos ang maging pundasyon na matutuntungan ang inyong pamilya.
- Manalangin na magkaroon ng biyaya galing sa Diyos para disiplinahin ang inyong mga anak at para tingnan nila ito bilang tanda ng pag-ibig. Manalangin na kahit ang paraan ng iyong pagdidisiplina ay magpakita ng ebanghelyo sa kanila.

# 5 Mga Batayang Prinsipyo sa Pagtuturo sa Ating Mga Anak

## WARM-UP

- Magbahagi ng isang hindi malilimutang pagkakataong kasama mo ang mga magulang mo noong bata ka pa.
- Ano ang pinakamahalagang aral na natutunan mo mula sa iyong mga magulang? Bakit?
- Ano ang aktibidad na gustung-gusto mong gawin kasama ang mga anak mo? Bakit ka natutuwang gawin ito?

## WORD

4 *"Makinig kayo, O mga mamamayan ng Israel: Ang*
*PANGINOON na ating Diyos ay iisang PANGINOON lang.*
5 *Mahalin ninyo ang PANGINOON na inyong Diyos nang*
*buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buo ninyong*
*lakas.* 6 *Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito*
*na ibinigay ko sa inyo ngayon.* 7 *Ituro ninyo ito sa inyong*
*mga anak. Pag-usapan ninyo ito kapag kayo'y nasa*
*inyong mga bahay at kapag naglalakad, kapag nakahiga,*
*at kapag babangon kayo.* 8 *Itali ninyo ito sa inyong mga*
*braso o ilagay sa inyong mga noo bilang paalala sa*
*inyo.* 9 *Isulat ninyo ito sa mga hamba ng inyong bahay*
*at sa bukana ng pintuan ng inyong mga lungsod."*

**DEUTERONOMIO 6:4–9**

Madalas, bilang mga magulang, tinatanong natin ang ating sarili kung nagagawa ba natin ang inaasahan sa tungkulin natin bilang mga magulang. Maaaring hindi natin tiyak kung tama ang itinuturo natin sa ating mga anak at kung lalaki sila ayon sa kagustuhan ng Diyos. Masasagot ang pag-aalinlangang ito sa pamamagitan ng pag-unawa sa pangunahin nating responsibilidad bilang magulang at kung ano ang una nating ituturo sa ating mga anak.

Pinapakita ng talatang ito na dapat nating turuan ang ating mga anak na maniwala at mahalin ang Diyos higit sa lahat. Binigyang-diin din ito ni Jesus bilang pinakamahalagang utos at pundasyon

ng lahat (Mateo 22:36–40). Habang itinuturo natin ito sa ating mga anak, mauunawaan nila at mararanasan na ang relasyon sa Diyos ay base sa pag-ibi—hindi sa utos ng mga dapat o di-dapat gawin. Lalo nilang makikilala ang Diyos at ang pagiging mapagmahal at matapat Niya. Matututo silang umasa sa Diyos sa halip na sa mga magulang nila o kanino man. Habang lumalago sila sa kaalaman nila tungkol sa Diyos, lalago rin sila sa kanilang pagmamahal at pagtitiwala sa Diyos.

Ngunit paano natin tuturuan ang ating mga anak na mahalin ang Diyos nang buong kaluluwa, isip, at lakas, at magtiwala sa Kanya higit sa lahat? Narito ang tatlong paraan para maituro natin ang mga ito sa kanila.

## 1 Dapat nating turuan ang ating mga anak sa pamamagitan ng pagiging ehemplo sa kanila.

*"Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon."* **DEUTERONOMIO 6:6**

Masasabing totoo ang kasabihang, *"More is caught than taught* (Mas marami ang natututunan kaysa sa naituturo)" sa mga bata, habang natututo sila sa atin. Ang ibig sabihin nito ay mas natututo sila mula sa ginagawa at ipinapakita natin kaysa sa sinasabi natin. Kaya kung gusto nating turuan ang ating mga anak tungkol sa Diyos, dapat maging mabuti tayong ehemplo sa bahaging ito. Kung gusto nating ituro sa kanila ang pagmamahal natin sa salita ng Diyos, kailangang makita ng mga anak natin na binabasa at ipinamumuhay natin ito. Kung gusto nating parangalan nila ang Diyos at ipagkatiwala nila sa Diyos ang kanilang salapi, kailangang ipakita natin sa mga anak natin na maluwag tayong nagbibigay. Kailangang ipakita natin sa kanila na mahal, inuuna, sinasamba, pinaparangalan, at pinagkakatiwalaan natin ang Diyos. Dapat magsimula ito sa atin para maipasa natin ito sa ating mga

anak. Mabuting ehemplo ba sa iyong mga anak ang mga kilos mo kamakailan? Ano ang tugon nila sa mga kilos mo?

## 2 Dapat nating turuan ang ating mga anak sa pamamagitan ng paggawa ng mga oportunidad para gabayan sila.

*"Ituro ninyo ito sa inyong mga anak. Pag-usapan ninyo ito kapag kayo'y nasa inyong mga bahay at kapag naglalakad, kapag nakahiga, at kapag babangon kayo."* **DEUTERONOMIO 6:7**

Dapat tayong maging instensyonal sa pagtuturo sa ating mga anak na mahalin ang Diyos. Ang mga ganitong bagay ay nangangailangan ng maingat na konsiderasyon at pagpaplano, at hindi lang basta naghihintay kung ano ang mangyayari. Sa katunayan, tayo ay hinihimok na ulit-ulitin ang mga katotohanang ito at ibaon ang mga ito sa buhay ng ating mga anak, hanggang sa maisapuso nila ang mga katotohanang ito. Bagama't ang pagtuturo sa kanila ay may sinusundang ayos, hindi ito kailangang maging mahigpit. Ang mahalaga ay makasanayan nila ito bilang bahagi ng kanilang pamumuhay at hindi lamang isang bagay na ginagawa nila tuwing Linggo. Ang pagtuturo ay maaaring pormal o hindi pormal. Maaari tayong magkaroon ng debosyon tuwing agahan, magkaroon ng masinsinang pag-uusap, o makabuluhang pag-uusap bago matulog. Maaari rin tayong tumingin sa mga pagkakataon at panahong mayroon tayong maituturo habang namimili, pumipila upang bumili ng pagkain, nagpapagupit ng buhok o kaya ay naiipit sa kalsadang puno ng sasakyan. Ang bawat sandali

ay isang pagkakataon na magagamit natin para magturo sa ating mga anak. Anong libangan ang paborito mong gawin kasama ang iyong mga anak? Paano mo ito magagamit upang makapagturo sa kanila tungkol sa Diyos?

## 3 Dapat nating turuan ang ating mga anak sa pamamagitan ng paglikha ng tahanang magpapaalala sa kanila sa Diyos.

[8]*"Itali ninyo ito sa inyong mga braso o ilagay sa inyong mga noo bilang paalala sa inyo.* [9]*Isulat ninyo ito sa mga hamba ng inyong bahay at sa bukana ng pintuan ng inyong mga lungsod."*
**DEUTERONOMIO 6:8–9**

Bilang mga magulang, kailangan nating siguraduhin na ang mga tahanan natin ay may mapagmahal at mapag-alagang kapaligiran para sa mga anak natin. Kahit na maaaring matuto saan mang lugar, mayroon tayong kontrol sa makikita ng ating mga anak sa loob ng ating tahanan. Kung gusto nating lumago sila sa kaalaman nila sa Diyos, dapat ang tahanan natin ay puno ng mga bagay na nagpapatibay ng pananampalataya at nagpapaalala sa kanila sa Diyos. Nakakakita ba sila ng Bibliya sa bahay? Nakakapakinig ba sila ng awit ng papuri araw-araw? Mayroon bang mga libro, talata mula sa Bibliya, o kahit mga *poster* sa mga dingding na magpapaalala sa kanila sa Diyos at sa pagmamahal Niya para sa kanila? Kung kaya, ang apat na sulok ng ating tahanan ay nakakapagbigay hindi lamang ng espasyong kailangan ng ating mga anak, kundi pati na rin mga oportunidad at aral na magtuturo sa kanila sa Diyos at sa Kanyang katapatan. Ang

anak mo ba ay mas natututo kapag may mga hinahawakan siya (*tactile learner*), kapag may mga nakikita siya (*visual learner*), o kapag may mga naririnig siya (*auditory learner*)? Gamit ang kaalamang ito, paano mo tutulungan ang anak mong maalala ang Diyos sa inyong tahanan?

Pinagkalooban tayo ng maraming oras para makasama ang ating mga anak. Dapat nating gamitin ang mga oras na ito upang turuan ang mga bata tungkol sa pagmamahal sa Diyos at pagtitiwala sa Kanya. Anuman ang pinagdaraanan ng mga anak mo o gaano man sila kalaki, kailangan natin silang tulungan at turuang mahalin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, isip, at lakas, habang sila'y lumalaki upang maging mga lalaki at babaeng inihanda ng Diyos.

## APPLICATION

- Anong aspeto ng pagtuturo sa iyong mga anak ang gusto mong pagbutihin?
- Paano mo gagamitin ang mga katotohanang napag-usapan natin ngayong linggo upang turuan ang iyong mga anak tungkol sa pagmamahal sa Diyos?
- Sa anong bahagi mo gustong lumago ang mga anak mo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa pribilehiyong palakihin ang mga anak mong maka-Diyos at maging mabuting ehemplo para sundin nila.
- Manalangin sa Diyos na tulungan kang palakihin ang mga anak mo sa paraan Niya. Manalangin na mapakita ng mga kilos mo ang katangian ng Diyos at maging mabuting ehemplo ang buhay mo na maaari nilang sundan.
- Ipagdasal at ipahayag na pararangalan at susundin ng pamilya mo ang Diyos higit sa lahat. Manalangin na ipakita ng Diyos ang mga praktikal na paraan para ipaalala ang kabutihan at katapatan ng Diyos sa inyong mga anak araw-araw.

*[4]"Makinig kayo, O mga mamamayan ng Israel: Ang Panginoon na
ating Diyos ay iisang Panginoon lang. [5]Mahalin ninyo ang Panginoon
na inyong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang
buo ninyong lakas. [6]Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito
na ibinigay ko sa inyo ngayon. [7]Ituro ninyo ito sa inyong mga anak.
Pag-usapan ninyo ito kapag kayo'y nasa inyong mga bahay at kapag
naglalakad, kapag nakahiga, at kapag babangon kayo. [8]Itali ninyo ito
sa inyong mga braso o ilagay sa inyong mga noo bilang paalala sa
inyo. [9]Isulat ninyo ito sa mga hamba ng inyong bahay at sa bukana ng
pintuan ng inyong mga lungsod."* **DEUTERONOMIO 6:4–9**

Masasabi ng lahat ng magulang na ang pagiging isang magulang ay isang mahirap na gawain. Bilang mga magulang, binigyan tayo ng malaking tungkulin na maging kinatawan ng pagmamahal ng Diyos sa ating mga anak. Tinawag tayong mahalin ang ating mga anak gaya ng pagmamahal sa kanila ang Diyos. Nangangahulugan ito ng pagiging matiyaga, mabait, at mapagpatawad. Ibig sabihin din nito ay handa dapat tayong magsakripisyo para sa ating mga anak, at unahin ang pangangailangan nila kaysa sa pangangailangan natin. Ang layunin ng babasahing ito ay hindi ang magbigay ng simpleng mga tugon sa mga mapanghamong sitwasyon sa ating pamilya at buhay. Bilang mga magulang, dapat muna tayong umasa sa ginagawa ng Banal na Espiritu sa buhay natin—ang ginagawa Niya sa ating mga puso—at umasa sa biyaya ng Diyos sa ginagawa Niya sa ating puso at sa buhay ng ating mga anak.

## MGA PAKSA

- Ang Layunin ng Pagiging Isang Magulang
- Ang Puso ng Pagiging Magulang
- Pagtanggap ng Biyaya sa Pagiging Magulang
- Pagtuturo ng Biyaya ng Diyos sa Ating Mga Anak
- Mga Batayang Prinsipyo sa Pagtuturo sa Ating Mga Anak

EVERY NATION
PRODUCTIONS